



Setyembre 29, 2023

Lungsod ng Brampton pinapahusay ang sistema ng paglilisensya sa hayop

BRAMPTON, ON – Simula sa Nobyembre 1, ang mga residente ng Brampton ay pwede na ngayong bumili ng isang taon o dalawang taon na mga lisensya ng aso at pusa upang makatulong na manatiling ligtas ang mga alagang hayop. Pinapahusay ng Lungsod ng Brampton ang mga paglilisensya nito sa alagang hayop sa pamamagitan ng pagbago sa expiry ng taon ng kalendaryo hanggang 365 o 730 araw mula sa petsa ng pagbili.

Bagong Smart Pet Tags

Ang mga residente na bumili ng lisensya ng alagang hayop ay makakatanggap din ngayon ng isang “smart” pet tag. Ang bawat may-ari ay tatanggap ng isang tag bawat alagang hayop. Ang mga pet tag ay makakatulong na matiyak na kung mawala ang isang alagang hayop, mabilis na muling mapagsama-sama ng animal services ang mga alagang hayop sa kanilang pamilya. Ang mga tag na nawala sa loob ng unang taon ay pwedeng palitan sa halagang \$5 na bayarin. Ang mga nasirang tag o mga tag na nawala pagkalipas ng isang taon ay papalitan nang walang bayad. Ang bagong smart tag system ay hindi lamang makatutulong na maipagsamang muli ang mga nawalang alagang hayop sa kanilang mga may-ari, ngunit ito ay mas sustenableng paraan sa mga tag ng alagang hayop, na nagtitiyak na ang nagamit na mga tag ay hindi hahantong sa basurahan bawat taon.

Mahalaga ang paglilisensya sa iyong alagang hayop. Walang sinuman ang umaasa na mawala ang kanilang alagang hayop, ngunit nangyayari ang mga aksidente, at ang paglilisensya ang pinakamagandang paraan para matiyak na ang nawalang mga alagang hayop ay ligtas na makakauwi ng tahanan.

Sa ilalim ng mga ordinansa ng munisipyo, ang lahat ng aso at pusa sa Brampton ay kailangang lisensyado ng Lungsod. Ang perang nakolekta mula sa mga lisensya ay babalik sa pagtulong sa pangangalaga sa mga hayop na dumadaan sa mga pintuan ng shelter ng Lungsod araw-araw.

Pwedeng kunan ng mga residente ng lisensya ang kanilang alagang hayop ngayon nang online, personal, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng mail.

Alamin ang mas marami pa sa www.brampton.ca/animalservices

Karagdagang mga Link at mga Resource

- [Brampton Animal Services – Pagkuha ng Lisensya ng Iyong Alagang Hayop](#)
- [Brampton Animal Services – Kunan ng Lisensya ang Iyong Alagang Hayop Online](#)
- [Brampton Animal Services – Paglilisensya sa iyong alagang hayop - Mga Madalas na Itinatanong](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca